Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

7 Mayo 2019

DEPED RO XIII-Recor.
RECEIVED
MAY 08 2019
Control No.: 6390
by:

**Dr. Francis Cesar B. Bringas**
OIC-Director
Rehiyon XIII
Kagawaran ng Edukasyon

Mahal na OIC Direktor Bringas:

Pagbati mula sa KWF!

Magalang naming hinihiling na maglabas kayo ng *regional memorandum* hinggil sa pagpapadala ng mga lahok sa aming timpalak na **KWF Gawad Jacinto**.

Ang **KWF Gawad Jacinto** ay pangkabataang timpalak para sa pagsulat ng sanaysay. Layunin ng timpalak na ito na maipahayag ng mga kabataan ang kanilang pag-ibig para sa ating mga katutubong wika at maibahagi ang karunungang nagmumula rito.

Kikilalanin ang magwawagi sa timpalak sa Buwan ng Wika na may temang **Filipino: Wikang Katutubo.** Pakikiisa rin ito sa pagdiriwang ng UNESCO ng **Taon ng mga Katutubong** wika sa buong 2019.

Maaaring magpasá hanggang 28 Hunyo 2019. Kalakip ng liham na ito ang tuntunin para sa Gawad Jacinto. Para sa mga tanong o kumpirmasyon, maaaring makipag-ugnayan kay Roy Rene S. Cagalingan sa 736-2519, o magpadala ng email sa komisyonsawika@gmail.com / rrscagalingan@gmail.com.

Maraming salamat sa patuloy na pakikiisa at tangkilik sa mga proyekto para sa wikang pambansa at sa ating mga katutubong wika.

Lubos na gumagalang,

**ROY RENE S. CAGALINGAN**
Tagapangasiwa

